

PING, SENADOR NG REPUBLIKA

TINDIG LABAN SA KORAPSYON

No to Pork Barrel!

Hindi tinanggap ang congressional pork barrel na nagkakahalaga ng **P200 milyon kada taon**. Dahil dito, nakatipid ng **P240 bilyon** ang kaban ng bayan.

Yes to Transparency!

Tanging miyembro ng Kongreso --Senado at Kamara de Representante -- na isinapubliko online ang lahat ng kanyang panukalang institutional amendments tuwing budget deliberation taun-taon.

Waiver of Bank Secrecy for Public Servants:

Isinulong na hindi makakasama sa mga mabibigyan ng proteksyon ng Bank Secrecy Law ang mga opisyal at empleyado ng gobyerno, mula sa pinakamababang posisyon hanggang sa Presidente.

Anti-Money Laundering:

May-akda ng Republic Act 9160 (as amended by RA 9194) o ang Anti-Money Laundering Act at ang mga kasunod nitong amendments, para palakasin ang mandato ng Anti-Money Laundering Council, at isinama sa 'Covered Persons' ng batas ang mga casino.

COVID RESPONSE

Special Risk Allowance para sa Health Workers:

Nag-introduce ng amendment sa Bayanihan I Law na naglalayong magbigay ng Special Risk Allowance sa mga frontliners, na dagdag sa natatanggap nilang regular hazard pay.

Financial Aid at Medical Assistance para sa Health Workers:

Nag-introduce ng amendment sa Bayanihan I Law kung saan may karapatan ang mga health workers na makatanggap ng P1 milyong financial assistance sakaling sila ay mamatay sa serbisyo at P100,000 at medical assistance naman para sa mga nagkasakit na health workers.

P1-Bilyon Karagdagang Budget:

Dinagdagan ng P1 bilyon ang pondo ng DOH na inilaan para sa mga siyudad at kanayunan nitong 2020.

P8.6-Bilyon Budgetary Adjustment:

Nagpanukala na itaas sa P14.6 bilyon ang DOH programmed appropriations para sa HFEP mula sa P5.9 bilyon.

P3.6-Bilyon Flexible Learning Options:

Naglaan ng P3.6 bilyon para suportahan ang pagbibigay ng self-learning modules sa mga mahihirap na estudyante na walang access sa internet at teknolohiya.

P910 Milyon para sa Medical Exam ng mga Guro:

Naglaan ng karagdagang P910 milyon para sa medical examination ng mga guro na naatasang magpamahagi ng mga modules sa pampublikong paaralan at food packs para sa pagpapatuloy ng school-based feeding programs.

Overpriced Vaccines:

Kinwestyon ang overpricing sa pagbili ng DOH ng Sinovac vaccines. Naunang sinabi ng DOH na nagkakahalaga ang Sinovac vaccines ng P1,814 bawat dose, nguni't lumabas na P517.06 kada dose lang ang presyo nito.

P841-M Overpriced Ambulances:

Isiniwalat ang overpricing sa pagbili ng DOH ng mga ambulansya na umabot sa P1 milyon kada unit, at sa panahon pa ng pandemya.

Panawagan para Palitan si DOH Sec. Duque:

Patuloy na nananawagan sa pagtanggap kay DOH Secretary Francisco Duque III sa pwesto dahil sa kanyang kapalpakan sa pagresponde sa Covid-19 pandemic at sa mga iregularidad na kinasangkutan ng DOH at Philhealth; at pati na rin ang conflict of interest sa kanilang family business.

NATIONAL BROADBAND PROGRAM

Pinangunahan ang badyet ng Department of Information and Communications Technology (DICT), partikular para sa National Broadband Program.

EKONOMIYA AT AGRIKULTURA

Libreng Irigasyon:

May-akda ng batas kung saan hindi na kailangang magbayad ng irrigation fees ang mga magsasaka na nagmamay-ari ng hindi hihigit sa walong ektarya ng lupa.

Dagdag na Badyet para sa LGUs

Isinulong ang karagdagang pondo para sa mga lokal na unit ng gobyerno para sa mga development projects nila - na hindi kailangan pang amyendahan ang Saligang Batas.

Tutol sa Overregulation sa mga Negosyo

Sinusuportahan ang lahat ng uri ng negosyo na walang overregulation, para mahikayat ang mga investments na lilikha pa ng mas maraming trabaho.

Anti-Red Tape:

May-akda at sponsor ng Anti-Red Tape Act of 2007, na nagpapababa sa dami ng proseso at araw na kailangang gugulin para sa pakikipag-transaksyon sa gobyerno. Layon nito na pabilisin at gawing episyente ang pagbibigay serbisyo sa publiko.

PUBLIC ORDER AND ILLEGAL DRUGS:

No to Double Standards!

Kinuwestyon ang “double standard” ng administrasyong Duterte sa pagsulong nito ng giyera laban sa ilegal na droga simula noong 2016, partikular na ang pagpatay sa mga mahihirap at pagbukod sa mga mastermind.

Pinatibay na Anti-Hazing Law:

Nagsulong ng mahalagang amendments para patibayin ang Anti-Hazing Law matapos pangunahan ang imbestigasyon ng Senado sa Aegis Juris Fraternity na sangkot sa pagpatay sa freshman law student na si Horacio "Atio" Castillo III.

Mas Mahigpit na Batas Laban sa Terorismo at Pag-pondo sa mga Terorista:

Pinatibay ang mga batas para tugunan ang banta ng terorismo, kabilang na ang mga extremist na nakipag-alyansa sa ISIS. Naglagay rin ng kaakibat na proteksyon laban sa mga posibleng pag-abuso sa batas.

PNP Involvement sa mga Pagpatay:

Pinangunahan at isiniwalat ang pagkakasangkot ng ilang mga opisyal ng PNP sa serye ng pagpatay at pag-kidnap, kabilang na ang mga kaso ng Korean citizen na si Jee Ick Joo, Albuera Mayor Rolando Espinosa at Kian delos Santos.

Body Cameras ng PNP:

Isinulong ang pagpapabilis sa pagpapatupad ng mandatory na paggamit ng body camera ng PNP sa lahat ng kanilang operasyon.

No Guns For Off-Duty Police:

Ipinanukala ang pagbabawal sa mga pulis na humawak ng armas tuwing off duty sila, para maiwasan ang hindi otorisadong paggamit.

Judicial Marshal Service:

Isinulong ang pagkakaroon ng Judicial Marshal Service para masiguro ang kaligtasan ng mga husgado, huwes, court officials at personnel.

Rehabilitation of Child Offenders:

Isinulong ang pagpopondo sa pagpapatayo ng mga pasilidad na nakatuon sa rehabilitasyon ng mga biktima ng child offenders.

EDUKASYON

P8.3 Bilyon Pork para sa Free SUC Tuition:

Ni-realign ang ilegal na congressional insertion para sa ARMM para pondohan ang kauna-unahang libreng tuition para sa lahat ng estudyante sa state colleges at universities sa buong bansa. Nangyari ito bago pa maisabatas ang Free Tuition Act.

P789 Milyon para sa University of the Philippines Research Program:

Tinaasan ang badyet ng University of the Philippines System ng P252,720,000 at P537,991,000 (para sa taong 2019 at 2020) bilang suporta sa National Institute of Molecular Biology and Biotechnology sa UP Los Baños.

P7.8 Bilyon para sa Research and Development, Grants-In-Aid Programs:

Tinaasan ang badyet para sa pagbibigay ng mas mabilis na pagtugon, maka-teknolohiya at sapat na serbisyo para sa lahat lalo na sa sektor ng edukasyon.

P770 Milyon Cash Allowance para sa Mga Guro:

Tinaasan ang badyet ng DepEd para sa Cash Allowance of Teachers na umabot sa P770,656,000 noong 2017.

P1.050-Bilyon Chalk Allowance Para sa Mga Guro:

Naglaan ng P1,050,000,000 para sa chalk allowance ng mga guro noong 2018.

P700-Milyon Clothing and Uniform Allowance para sa Mga Guro:

Naglaan ng P700 milyon para taasan ang mga allowance ng mga guro para sa kanilang clothing at uniform expenses.

P2 Bilyon para sa Quick Response Fund ng DepEd:

Tinaasan ang badyet ng DepEd na umabot sa P2 bilyon para maipagawa ang mga paaralang lubhang naapektuhan ng mga serye ng bagyo.

P3.7 Bilyon para sa School-Based Feeding Program:

Isinulong ang pagdagdag ng P3,712,527,000 para sa School-based Feeding Program ng DepEd bilang pantustos sa 240 araw ng pananghalian para sa mga mahihirap na mag-aaral.

P1 Bilyon para sa Continuing Education-Teacher Quality And Development Program:

Ipinanukala na umentuhan ang badyet na aabot sa P1.7 bilyon para bigyang kapasidad ang mga pampublikong guro na isama sa kanilang pagtuturo ang tungkol sa karapatan ng mga bata at positibong pagdidisiplina.

P107 Milyon para sa Textbooks & Other Instructional Materials:

Tinaasan ang badyet ng P100 milyon para pondohan ang pagkakaroon ng assistive devices at universal design materials para sa edukasyon ng mga batang may kapansanan; P5 milyon para sa paggawa ng mga materyal tungkol sa sexuality education upang malabanan ang maagang pagbubuntis ng mga kabataan; at P2 milyon para sa pagpapatuloy ng adbokasiya at kampanya sa Water and Sanitation and Health (WASH).

P2.92 Bilyon para sa Computerization Program:

Naglaan ng karagdagang P2.925 bilyon para makamit ang target ng DepEd para sa kanilang Computerization Program.

P2 Bilyon para sa QRF:

Tinaasan ang badyet para sa QRF ng P2 bilyon para agarang maipagawa at mapalitan ang mga nasirang kagamitan sa mga paaralang nasalanta ng lindol at iba't ibang sakuna sa Mindanao.

P17 Bilyon para sa Last Mile Schools Program:

Tinaasan ang badyet para sa Last Mile Schools Program ng P12 bilyon and P5 bilyon (para sa taong 2020 at 2021) para mapunan ang agwat sa pagitan ng mga estudyante sa Geographically Isolated, Disadvantaged and Conflict-Afflicted (GIDCA) areas at sa mga estudyante na nasa siyudad.

TECH4ED:

Sinuportahan ang Technology Empowerment for Education, Employment, Entrepreneurs, and Economic Development (Tech4ED) project, isang shared facility na nagbibigay access sa ICT-enabled services sa mga komunidad na malayo sa kabihasanan.

PAG-IIMBESTIGA SA SCAMS

P105-Milyon Chopper Scam:

Isiniwalat ang pagkakasangkot ni dating First Gentleman Mike Arroyo sa pagbebenta ng lumang civilian helicopter sa PNP sa halagang brand new, o P105 milyon.

Maanomalyang P12-Bilyon Stimulus Package:

Pinangunahan ang imbestigasyon sa plano na ilipat ang P12.5 bilyong pondo ng Social Security System (SSS) papunta sa pondo ng administrasyon noong panunungkulan ni Arroyo.

P5-Bilyon Quedancor Scam:

Isiniwalat ang multibillion-peso swine scam na may kaugnayan sa iregularidad ng Quedan and Rural Credit Guarantee Corp. (Quedancor) para pondohan ang re-election ni Arroyo noong 2004.

P728-Milyon Fertilizer Scam:

Nilantad ang pag-release ng P728 milyong fertilizer funds na isinagawa ni dating DA Secretary Jocjoc Bolante para gamitin sa vote buying para sa re-election bid ni Arroyo sa pagka-Presidente.

\$329-Milyon NBN-ZTE Deal:

Nanawagan ng isang imbestigasyon sa \$329 milyong kasunduan sa pagitan ng National Broadband Network at ZTE Corp ng China na napag-alamang overpriced ng \$130 milyon para sagutin ang mga kickback noong administrasyong Arroyo.

\$470-Milyon IMPSA Deal:

Isinulong ang imbestigasyon sa panunuhol ng Argentine firm Industrias Metallurgicas Perscamona, SA (IMPSA) sa mga opisyal ng gobyerno na nagkakahalaga ng \$14 milyon, para sa \$470 milyong kontrata para ayusin at patakbuhan ang Caliraya-Botocan-Kalayaan hydroelectric plant sa Laguna noong administrasyong Arroyo.

P500-Milyon Overpriced Lamp Posts:

Isiniwalat ang overpriced decorative lamp posts na kasama sa konstruksyon ng Cebu International Convention Center bilang preparasyon sa 12th ASEAN Summit noong administrasyong Arroyo.

“HELLO GARCI” AT PANDARAYA SA ELEKSYON SA 2004

Isinulong ang imbestigasyon sa pandaraya sa halalan noong 2004, base sa wiretapped na pag-uusap sa pagitan ni dating Pangulong Arroyo at dating COMELEC Commissioner Virgilio Garcillano Jr.

KATIWALIAN SA BUREAU OF CUSTOMS

Tara System:

Isiniwalat ang mga korap na gawain sa Bureau of Customs noong nagkaroon ng imbestigasyon ang Senado sa importasyon ng P6.05 bilyong halaga ng shabu.

Automation:

Isinulong ang pag-automate sa mga proseso sa Bureau of Customs para maiwasan ang human intervention sa sistema na maaaring pagmulan ng korapsyon.

KATIWALIAN SA PHILHEALTH

Isiniwalat ang mga kamalian sa case rate system, milyun-milyon pisong halaga ng fraudulent claims at Philhealth mafia.

P6-BILYON "TONGPATS" SA DEPARTMENT OF AGRICULTURE

Isiniwalat ang P6-bilyong pork importation racket sa Department of Agriculture.

P95-BILYON INFRA FUNDS PARA KAY ARROYO AT KAALYADO SA 2019 BUDGET

Inilantad ang ilegal na paglipat ng P95 bilyong pondo para sa imprastruktura papunta sa mga distrito ng kaalyado ni Speaker Gloria Macapagal-Arroyo sa Kongreso na nasa 2019 badyet.

PAG-RECYCLE NG APPOINTEES

Mariing tinutulan ang kaugalian ng administrasyon na i-recycle ang mga appointees na sangkot sa isyu ng korapsyon sa pamamagitan ng paglilipat sa kanila sa ibang ahensya ng gobyerno.

BUMOTO LABAN SA TRAIN LAW

Tinutulan ang pagkakaroon ng karagdagang buwis at isinulong ang pagbabawas sa VAT rate sa 10 porsyento matapos bawasan ang 143 na uri ng exemption para maiwasan ang mga leakage sa pangongolekta.

WEST PHILIPPINE SEA

Tinindigan ang pagkapanalo ng Pilipinas laban sa China sa pag-aangkin nito sa West Philippine Sea.

KARAPATANG PANTAO

Ini-sponsor at tinaasan ang badyet ng Commission on Human Rights ng P863 milyon matapos bigyan ng Kamara de Representante ang ahensya ng P1 badyet.
